


# PARA SA IYONG KAPAYAYAPAAN NG ISIP

## Patnubay ng Konsumidor sa Mga Serbisyong Sikolohikal

California Board of PSYCHOLOGY

## Talaan ng mga Nilalaman


Panimula: Hindi Ka Nag-lisa ______ 2

Paano ka Maaaring Matulungan ng isang Sikologo? ______ 2

Mga Batas sa Karapatan ng mga Pasyente ______ 4

Paano Sinasanay, Tinuturuan at Nililisensiyahan ang isang Sikologo? ______ 6

Paano Ka Makapipili ng isang Sikologo? ______ 7

Maaari Ka bang Makakuha ng Tulong Mula sa Iba Bukod sa isang Sikologo? ______ 10

Ano ang Nangyayari sa Oras ng Indibidwal o Grupong Sesyon ng Terapiya? ______ 13

Ano ang Tungkol sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Internet o Telepono? ______ 14

Ano ang mga HINDI Dapat Gawin ng mga Sikologo ______ 15

Ano ang Iyong mga Opsiyon Kung ang mga Serbisyong Ipinagkaloob sa Iyo ay Hindi Kasiya-siya? ______ 18

Paano Ka Magsasampa ng Isang Reklamo? ______ 18

Saan Ka Pa Maaaring Pumunta Upang Talakayin ang Iyong Kalagayan? ______ 24

Ano ang Maaaring Makuha ng isang Konsumidor sa Website ng Lupon? ______ 25

Pangmabilisang Buod sa mga Mapagkukunan ______ 27



## Hindi Ka Nag-iisa

Marahil ikaw ay naghahanap ng gamot para sa depresyon, pagod o pag-aalaala. Ikaw o ang iyong pamilya ay maaaring nag-iisip ng pagpayo o terapiya upang mapabuti ang kalidad ng mga importanteng relasyon. May maraming dahilan kaya pumupunta ang mga tao sa mga sikologo. Kung ikaw ay naghahanap ng tulong mula sa isang sikologo, hindi ka nag-iisa.

Ang mga problemang pang-sikolohiya ay nakaaapekto sa milyun-milyong tao sa buong mundo. Ang mga ito ay mas laganap kaysa kanser, diyabetis, artritis, at mga aksidente sa trapiko at pangalawa lamang sa mga kondisyon sa puso. Ang mga sikologo ay sadyang sinanay upang matulungan ang malaking populasyong ito at ang kanilang mga serbisyo ay tumutulong sa mga nagdurusa upang epektibong matugunan ang kanilang mga problema nang sa gayo'y sila ay maaaring makapamuhay nang mas masaya, mas malusog na pamumuhay.

Bawat taon libu-libong mga taga-California ang bumibisita sa mga propesyonal na mga sikologo para sa tulong upang lalo nilang maiintindihan ang kanilang mga sarili at mga ibang tao at sa pagtugon sa mga personal na problema. Kung sa iyong palagay ay maaaring kailangan mong makipagkita sa isang sikologo, ang polyetong ito ay maaaring makatulong sa iyo. Ipapaliwanag nito ang iyong mga karapatan bilang pasyente, magkakaloob ng patnubay para sa pagpili ng isang sikologo at ipapaliwanag kung ano ang dapat at HINDI dapat gawin ng isang sikologo. Sasabihin din nito sa iyo kung ano ang gagawin kung sa iyong palagay ang pag-asal ng iyong sikologo ay hindi propesyonal.

# Paano Ka Maaaring Matulungan ng isang Sikologo?

Ang mga sikologo ay nagkakaloob ng maraming mga importanteng
Ang mga sikologo ay nagkakaloob ng maraming mga importanteng
serbisyo. Sila ay nagdedebelop, nagkakaloob at nagbibigay-kahulugan sa mga pagsusuring pang-sikolohiya. Bilang halimbawa, sila ay maaaring magsagawa ng mga pagtatasa sa katalinuhan at tagumpay, pagtatasa sa kapansanan, pagtatasa sa kompensasyon ng mga manggagagawa, pagtatasa sa kakayahan-para-sa-tungkulin,at mga pagtatasa sa pangangalaga-sa-anak. Sila ay tumutulong din sa mga pasyente na umunawa at magresolba sa mga iba't-ibang mga problemang pang-sikolohiya kagaya ng kapighatian, pag-aalala at abuso sa substansiya. Sila ay maaaring magkaloob ng paggamot sa mga indibidwal (mga may sapat na gulang at bata), mga magkapareha o mag-asawa, pamilya, grupo, organisasyon o negosyo na gamit ang modipikasyon sa kilos, sikoterapiya, hipnosis o konsultasyon. Ipinagkakaloob nila ang mga serbisyong ito sa mga pasyente na may sakit sa isip sa loob ng ospital, mga programa sa pang-araw na paggamot, at mga pasyente sa labas ng mga opisina.

Kapag nagkakaloob ng pagtatasa o paggamot, isinasangalang-alang ng mga sikologo ang mga personal na katangian na siyang gumagawang bukod-tangi ang bawat pasyente. Ang mga salik na ito kabilang ang edad, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, lahi, etnisidad, kultura, pinanggalingang bansa, relihiyon, seksuwal na oryentasyon, kapansanan, lengguwahe, at katayuang pangsosyoekonomiko. Ang pang-unawa at pagiging sensitibo sa mga epekto ng mga iba't-ibang kalidad na mga ito ay nagbibigay daan para sa mga sikologo na magkaloob ng serbisyo sa maraming mga magkakaibang tao.

Kahit hindi nagrereseta ang mga sikologo sa California ng mga medikasyon, sila ay maaaring makatulong sa pagkakaloob ng mga angkop na pagsangguni sa mga manggagamot o saykayatris. Bilang karagdagan, ang mga sikologo ay gumaganap ng mahalagang papel sa pangangasiwang konsultasyon para sa mga negosyo at iba pang mga organisasyon.

## Ang Lupon ng Sikolohiya sa California ay Nagtratrabaho Upang Protektahan ang mga Konsumidor

Ang Lupon ng Sikolohiya sa California ay nagpoprotekta ng mga konsumidor sa mga serbisyong pang-sikolohiya sa pamamagitan ng paniniguro ng mga mataas na pamantasan para sa praktis ng sikolohiya. Ang Lupon ay nagtatatag ng mahigpit na mga pagkamarapat sa paglilisensiya, nagiimbestiga sa mga reklamo ng pasyente at umaabot upang mabigyan ng kapangyarihan ang mga konsumidor ng impormasyon at mga mapagkukunan.

Ang Lupon ng Sikolohiya ay bahagi ng Departamento ng Mga Kapakanan ng Konsumidor sa California. Ang mga miyembro ng Lupon ay parehong kabilang ang mga lisensiyadong sikologo at miyembro ng publiko.

# Mga Batas sa Karapatan ng mga Pasyente

## Ikaw ay may karapatan upang:

» Humiling at tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga propesyonal na kakayahan ng sikologo, kabilang ang katayuan ng lisensiya, edukasyon, kasanayan, karanasan, pagiging miyembro ng propesyonal na asosasyon, kadalubhasaan at isp-esipikong mga batayan ng kakayahan.

» Beripikahin ang katayuan ng lisensiya ng sikologo sa Lupon ng Sikolohiya at tumanggap ng impormasyon tungkol sa anumang disiplina sa lisensiya. Maaari mong gawin ito sa Web site ng Lupon sa www.psychology.ca.gov. I-klik ang “License Verification” (Beripikasyon ng Lisensiya).

» Magkaroon ng pakikipagtalakayan sa sikologo tungkol sa mga singil, pakikipag-ayos ng kuwenta, at katangian at inaasahang kurso ng mga sesyon.

- Mabigyan ng ligtas na kapaligiran, malaya mula sa seksuwal, pisikal o emosyonal na pang-aabuso, kung nasa pangangalaga ng isang sikologo.
- Asahan ang iyong sikologo na hindi ka isasangkot o sinuman na malapit na kamag-anak, tagapag-alaga, o mahalagang kasama sa mga seksuwal na pakikipagtalik.
- Magtanong ng mga katanungan tungkol sa iyong terapiya o pang-sikolohiyang pagtatasa.
- Tanggihang sagutin ang anumang tanong o ibunyag ang anumang impormasyon na pinipili mong hindi ihayag.
- Hilingin na ipagbigay-alam sa iyo ng sikologo ang iyong progreso.
- Alamin kung may mga superbisor, konsultant, estudyante, rehistradong katulong ng sikologo o iba pang tao na kung kanino tatalakayin ng sikologo ang iyong kaso.
- Tanggihan ang isang partikular na tipo ng paggamot o ihinto ang paggamot sa anumang oras na walang obligasyon o panliligalig.
- Tumanggi o humiling ng elektronikong pag-rekord ng iyong mga sesyon.
- Humiling at (sa karamihang kaso) tumanggap ng kopya ng iyong mga rekord, kabilang ang diyagnosis, planong paggamot, ang iyong progreso at tipo ng paggamot.
- Mag-ulat ng hindi propesyonal na asal ng isang sikologo (Tingnan ang seksiyon na may titulong, "Ano Ang Mga Dapat HINDI Gawin ng Mga Sikologo," pahina 15).
- Tumanggap ng pangalawang opinyon sa anumang oras tungkol sa iyong terapiya o tungkol sa mga pamamaraan ng iyong sikologo.
- Tumanggap ng mga pangalan kung saan sasangguni, mga address at numero ng telepono sa pangyayaring ang iyong terapiya ay kailangang ilipat sa iba at humiling ng kopya o buod ng iyong mga rekord na ipadala sa sinumang terapista o ahensiyang iyong pipiliin.

## Paano Sinasanay, Tinuturuan at Nililisensiyahan ang isang Sikologo?

Sa California, may ilang mga eksepsiyon, ang mga lisensiyadong sikologo lamang ang maaaring mag-praktis ng sikolohiya nang independiyente o nagsasarili. Upang maging lisensiyado, ang isang indibidwal ay dapat magkaroon ng katanggap-tangap na doctorate degree (isang Ph.D., Psy.D. Ed.D, atbp.), upang makapagpraktis ng sikolohiya sa ilalim ng dalawang taong superbisyon, at ipasa ang nasyunal na iksamen at ang Karagdagang Iksamen sa Sikolohiya ng California.

Habang ang isang indibidwal ay nagpapraktis ng sikolohiya sa ilalim ng direktang superbisyon upang matamo ang mga kinakailangan sa paglilisensiya, ang superbisor ay responsable sa pagbibigay-alam sa bawat pasyente sa pamamagitan ng sulat na ang sinusuperbisahan ay hindi lisensiyado at nagtatrabaho sa ilalim ng direksiyon at superbisyon ng superbisor. Ang primaryang superbisor ay dapat kwalipikado, lisensiyadong propesyonal sa kalusugang pangkaisipan

Bilang karagdagan, kinakailangan ng Lupon ang Pangkasalukuyang Pagsusuri ng bakas ng daliri o fingerprint upang masiyasat ang pamumuhay ng bawat aplikante para sa anumang pang-krimen na kasaysayan. Ang batas ng California ay pinagbabawal ang mga rehistradong maysalang seksuwal na maging lisensiyadong mga sikologo. Ang mga pambansang bangko ng datos ay sinisiyasat din upang masiguro na ang bawat aplikante ay walang aksiyong pandisiplina sa lisensiya saanmang iba pang estado.

Bagaman ang lisensiyang pang-sikolohiya ay heneriko at sinasakop ang lahat na bahagi ng pang-sikolohiyang praktis (halimbawa, pagsusuring pang-sikolohiya, biofeedback, mga pagtatasa sa pangangalaga-sa-anak, neuropsychology, hipnosis at sikoterapiya), ang mga sikologo ay dapat magkaroon ng angkop na edukasyon, pagsasanay at karanasan na magkaloob ng mga pinagkadalubhasaang serbisyo. Sinigurado ng California ang patuloy na kalidad pang-kontrol para sa mga sikologo sa pamamagitan ng pag-atas sa mga lisensiyado na kumpletuhin ang 36 oras ng patuloy na edukasyon kada dalawang taon. Ang patuloy na edukasyon na ito ay dapat matugunan ang mga mahigpit na patnubay upang sa ganun ay palaging malalaman ng mga sikologo ang mga pinakabagong pananaliksik, batas, etiko, teknik at paraan ng pagtatasa at paggamot.

## Paano Ka Makapipili ng isang Sikologo?

Importanteng ikaw ay maglaan ng oras upang pumili ng tamang sikologo para sa iyong pangangailangan. Una, liwanagin kung sino ang may kailangan ng mga serbisyong pang-sikolohiya—ikaw mismo, ang iyong mga anak, ang iyong pamilya, atbp. Pangalawa, pagpasiyahan kung anong bagay saan mo gustong matulungan—abuso sa substansiya, mga diperensiya sa pagkain, depresiyon, pag-aalaala, atbp. Pagkatapos maghanap ng sikologo na sinanay at may karanasan na magkaloob ng mga ganoong serbisyo. Humingi sa mga kaibigan at kamaganak ng mga rekomendasyon. Makipag-ugnay sa iyong kompanya ng pagpapaseguro ng kalusugan para sa listahan ng awtorisadong mga tagakaloob sa iyong lugar. Ang iyong primaryang doktor na tagapangalaga ay kadalasang maaaring makatutulong sa iyo. Kumuha ng mga pagsangguni sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa mga website ng pambansa o pang-estadong mga asosasyong pang-sikolohiya na nakatala sa huling bahagi ng polyetong ito. Kung ikaw ay may listahan ng posibleng mga sikologo, mababawasan mo ito sa pamamagitan ng pagtanong sa iyong sarili kung may mga katangian ng isang sikologo na magdadagdag ng antas ng iyong pagiging komportable (bilang halimbawa, kung ang sikologo ay isang lalaki o babae, matanda o bata, mula sa isang partikular na etnisidad o grupo ng relihiyon, atbp).

Pagkatapos, tsekin ang katayuan ng lisensiya ng bawat sikologo sa pamamagitan ng pagtawag sa Yunit ng Pagbeberipika sa (916) 574-7720 o sa pamamagitan ng pag-tsek ng katayuan ng lisensiya sa Web site ng Lupon sa (www.psychology.ca.gov). I-klik lamang ang link na “Beripikasyon ng Lisensiya” (License Verification). Mariing nirerekomenda ng Lupon na ikaw ay pumili ng isang lisensiyadong sikologo. Ang isang lisensiya ay sinisigurado na natugunan ng isang sikologo ang mga mahigpit na pamantayan ng edukasyon at karanasan at pumasa ng komprehensibong iksamen. Sinisigurado rin nito na siya ay dumaan sa isang pang-krimen na pagisisiyasat sa pamumuhay.

Importanteng beripikahin na ang sikologo ay may kasalukuyan, at balidong lisensiya. Ito ay nangangahulugan na siya ay nakatutugon sa mga kinakailangang edukasyon at maaaring legal na mag-praktis ng sikolohiya. At saka, ang pangkasalukuyang lisensiya ay kinakailangan para sa iyong kompanya ng pangkalusugang pagseseguro upang matanggap ang sikologo na isang balidong tagakaloob.

Kung ang reklamo ng isang konsumidor ay nagresulta sa isang aksiyon laban sa sikologo, maaari kang makahanap ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pag-tsek sa website ng Lupon sa www.psychology.ca.gov at pag-klik sa “Beripikahin ang Isang Lisensiya o Rehistrasyon” (Verify a License or Registration). Kadalasan maaari mong matingnan ang mga dokumentong pandisiplina sa pamamagitan ng pang-ugnay na ibibigay sa ilalim ng pangalan ng lisensiyado at paglalarawan ng aksiyon upang makakuha ng karagdagang detalye kung bakit ipinataw ang disiplina at tungkol sa anumang limitasyon sa praktis ng sikologo. O, ikaw ay maaaring humiling na ang kopya ng mga dokumentong pang-disiplina ay ipakoreo sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Programang Pagpapatupad ng Lupon sa (866) 503-3221 o sa pamamagitan ng pagpadala ng e-mail sa Lupon sa bopmail@dca.ca.gov. Dapat mong malaman na ang impormasyon sa isang karaingan ng konsumidor na walang basehan ay hindi pampubliko. Ang mga reklamo lamang na nagresulta ng isinampang mga Paratang o pormal na aksiyong pandisiplina ng Lupon ay maaaring ipaalam sa publiko.

Ang susunod na hakbang sa proseso ng pamimili ay ang gumawa ng pakikipagkita upang makilala ang mga sikologo na iyong isinasangalang-alang. Liwanagin kung may bayad para sa inisyal na pakikipanayam sa panahon na ikaw ay pumunta para sa pakikipagkita.

Nirerekomenda ng Lupon na makipanayam ka sa mga kandidatong sikologo kagaya ng gagawin mo sa sinuman na iyong isinasangalangalang para sa isang importanteng personal na serbisyo.



**Maaaring gusto mong itanong:**

- Saang unibersidad o eskuwelahan tinapos ang doctorate degree.
- Kailan natapos ang degree at ang mga saklaw ng pinagkadalubhasaan sa pag-aaral.
- Kung ang sikologo ay sertipikadong-lupon ng Lupon ng Pampropesyonal na Sikolohiya ng Amerika — ang kredensiyal na ito ay hindi kinakailangan sa independiyenteng praktis, ngunit ebidensiya ito ng karagdagang kuwalipikasyon.
- Gaano karaming karanasan mayroon ang sikologo sa paghahawak sa mga isyung katulad sa iyo.
- Ang tantiyang tagal ng panahon na matatapos ang paggamot
- Kung mas gusto ng sikologong makipagtrabaho sa isang partikular na edad na grupo, kasarian, o etnisidad.
- Kung ang sikologo ay nakapaglathala na ng mga artikulo sa kanyang saklaw ng pinagkadalubhasaan.
- Kung siya ay may karanasan sa pagkakaloob ng testimonya sa korte bilang ekspertong testigo (karanasan sa forensic).
- Kung posibleng ikaw ay maaaring mangangailangan ng terapiyang gamot mula sa isang saykayatris o iba pang doktor kaugnay sa iyong sikoterapiya at kung maaari kang isangguni ng sikologo sa isang angkop na doktor.
- Kung ang sikologo ay mapagbibigyan ka sa iyong iskedyul ng terapiya.

Pumunta sa Mga Batas sa Karapatan ng Pasyente sa pahina 4 para sa iba pang paksang maaari mong gustong siyasatin kung makikipanayam sa isang sikologo.

# Maaari Ka bang Makakuha ng Tulong Mula sa Ibang Tao Bukod sa isang Sikologo?

Kung nagsasaalang-alang ng paggamot, may mga maraming opsiyon na iyong makukuha. Ang propesyon ng sikolohiya ay pambihira sa maraming paraan, ngunit may mga iba pang propesyonal na nagkakaloob ng kaparehong mga serbisyo:

**Mga Katuwang na Sikologo:** Ang mga ito ay mga propesyonal na nirehistro ng Lupon ng Sikolohiya — (916) 574-7720 or **www.psychology.ca.gov** — at inawtorisa upang magkaloob ng limitadong mga serbisyong pangsikolohiya lamang sa ilalim ng direktang superbisyon ng isang lisensiyadong sikologo o isang sinertipikahan ng lupon na saykayatris. Kadalasan ang mga indibidwal na ito ay nag-iipon ng oras ng propesyonal na karanasan na sinuperbisahan patungo sa pagtugon ng mga kinakailangan sa paglilisensiya. Sila ay kailangang magkaroon ng hindi bababa sa master's degree sa sikolohiya at hindi sila pinapayagang magreseta ng mga gamot. Ang kanilang mga serbisyo ay karaniwang mas mura kaysa sa mga sikologo.

**Mga Registradong Sikologo:** Ito ay mga propesyonal na nirehistro ng Lupon ng Sikolohiya — (916) 574-7720 o **www.psychology.ca.gov** — upang magtrabaho sa di-tumutubong mga ahensiya sa komunidad na tumatanggap ng hindi kukulangin sa 25 porsiyento sa kanilang pondo mula sa ilang mga mapagkukunan sa pamahalaan. Sila ay kailangang may mga doctorate degree sa sikolohiya at nakakumpleto ng hindi kukulangin ng isang taon na propesyonal na karanasan na sinuperbisahan. Hindi sila pinapayagang magreseta ng mga gamot, at ang kanilang mga serbisyo ay karaniwang mas mura kaysa sa mga sikologo.

**Saykayatris:** Ang mga ito ay mga doktor na lisensyado ng Pang-Medikal na Lupon ng California — (800) 633-2322 or (916) 263-2382 or **www.mbc.ca.gov**. Sila ay kailangang may mga doctorate degree sa medisina, nagsilbi ng apat na taon ng pagiging residente, pumasa sa iksamen ng Lupon ng Estado ng California at sinertipikahan ng lupon sa psychiatry ng Lupon ng Psychiatry at Neurology ng Amerika. Sila ay pinapayagang magreseta ng mga gamot. Ang kanilang mga serbisyo ay karaniwang mas mahal kaysa sa mga sikologo.

**Mga Terapista sa Pagpapakasal at Pamilya:** Ang mga ito ay mga propesyonal na lisensyado ng Lupon ng Agham sa Kaasalan (BBS) — (916) 574-7830 or **www.bbs.ca.gov**. Sila ay kailangang may taglay na hindi bababa sa master's degree, ang mga ilan ay maaaring may mga doctorate degree, nagsilbi ng dalawang-taon ng pagiging internista at pumasa sa pasulat na iksamen ng Lupon. Sila ay maaaring magbigay ng pagpapayong pansikolohiya kaugnay sa mga isyung may kinalaman sa pag-aasawa, pamilya at relasyon upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng kanilang kliyente. Sila ay hindi maaaring magreseta ng mga gamot at kadalasan ang kanilang mga serbisyo ay mas mura kaysa sa sikologo.

**Klinikal na Mga Manggagawang Panlipunan:** Ang mga ito ay mga propesyonal na nilisensiyahan ng Lupon ng Agham sa Kaasalan (BBS) — (916) 574-7830 or **www.bbs.ca.gov**. Sila ay dapat may taglay na hindi bababa sa master's degree, ang mga ilan ay maaaring may mga doctorate degree, may 3,200 oras na na sinuperbisahan at pumasa sa pasulat na iksamen ng Lupon. Gumagamit sila ng mga teknikong sikoterapiya, kabilang sa mga iba pang serbisyo, na kasama ang mga indibidwal, mga magkapareha o mag-asawa, pamilya at grupo upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng kanilang kliyente. Sila ay hindi maaaring makapagreseta ng mga gamot at ang kanilang mga serbisyo ay karaniwang mas mura kaysa sa mga sikologo.



**Mga Sikologong Pang-Edukasyon:** Ang mga ito ay mga propesyonal na nilisensiyahan ng Lupon ng Agham sa Kaasalan (BBS) — (916) 574-7830 or **www.bbs.ca.gov**. Sila ay dapat may taglay na hindi bababa sa master's degree, ang mga ilan ay maaaring may mga doctorate degree, may 3 taong karanasan bilang mga sikologo ng eskuwelahan at pumasa sa pasulat na iksamen ng Lupon. Sila ay maaaring magtrabaho sa mga eskuwelahan o sa pribadong praktis at magkaloob ng pagpapayong pang-edukasyon kagaya

ng pagtatasa sa kakayahan at tagumpay. Sila ay hindi maaaring makagawa ng pagtatasang pang-sikolohiya na walang kaugnayan sa mga serbisyong pang-edukasyon at hindi sila makapagreseta ng mga gamot. Ang kanilang mga serbisyo ay karaniwang mas mura kaysa sa mga sikologo.

**Mga Teknisyan na Pang-Psychiatry:** Ang mga ito ay mga propesyonal na lisensiyado ng Lupon ng mga Bokasyon sa Narsing at Teknisyan na Pang-Psychiatry — (916) 263-7800 or **www.bvnpt.ca.gov**. Sila ay dapat nagtapos mula sa kuwalipikadong programang pang-psychiatry para sa teknisyan at pumasa sa pasulat na iksamen. Sila ay nagpapraktis sa direksiyon ng isang lisensiyadong doktor, sikologo, terapistang pang-rehabilitasyon, panlipunang manggagawa, rehistradong nars o iba pang mga nagtatrabahong propesyonal at hindi pinapayagang magpraktis nang independiyente. Sila ay naghahandog ng mga serbisyo sa mga ospital ng estado, sentro ng paggamot/pagdebelop sa araw, mga pasilidad na pangkoreksyonal, mga ospital na pang-psychiatry, mga sentro ng pagsasanay pambokasyonal at mga pasilidad na residentengpangangalaga. Sila ay hindi maaaring magreseta ng mga gamot o magsagawa ng pagtatasang pang-sikolohiya. Ang kanilang mga serbisyo ay karaniwang mas mura kaysa sa mga sikologo.

**Mga Pari, Ministro, Rabbi o Iba Pang Miyembro ng Saserdote:** Ang mga ito ay hindi lisensiyadong mga indibidwal. Sila ay maaaring magkaloob ng espirituwal na patnubay, ngunit hindi sila maaaring gumamot ng emosyonal o mental na mga diperensiya, magsagawa ng pagtatasang pang-sikolohiya o magreseta ng mga gamot. Ang mga miyembro ng kilalang saserdote ay hindi maaaring magpraktis nang independiyente at maaari lamang kumilos sa ilalim ng saklaw ng kanilang kinilalang simbahan.

**Mga Grupong Pantulong sa Sarili at Pang-Suporta sa mga Kauri:** Ito ay ang mga grupong hindi lisensiyadong mga indibidwal na may mga magkakaparehong problema at nagpupulong upang pag-usapan ang mga posibleng solusyon. Ang mga grupo ay maaari o hindi maaaring pamunuan ng isang lisensiyadong propesyonal sa pangkaisipan-kalusugan. Maaari mong mahanap ang mga grupong kagaya nito sa libro ng telepono sa internet o sa pamamagitan ng pagtatanong sa isang lisensiyadong propesyonal sa pangkaisipan-kalusugan. Karaniwan ay walang bayad o maliit lamang na bayad para sa ganitong mga grupo.

# Ano ang Nangyayari sa Oras ng Indibidwal o Grupong Sesyon ng Terapiya?

## Indibidwal na Terapiya:

Sa unang sesyon, ang iyong sikologo ay mag-iipon ng impormasyon tungkol sa iyong personal, katalinuhan at emosyonal na kasaysayan at mga relasyon. Ang impormasyong ito ay tumutulong sa sikologo sa pagtitiyak kung aling stratehiya ay maaaring pinakamabuting makatutulong sa iyo. Sa oras na naliwanagan ang iyong mga isyu, ikaw at ang iyong sikologo ay magpaplano ng mga hangarin. Ang proseso ay maaaring kabilang ang pag-aaral ng bagong paglutas ng problema o mga kahusayang kumaya, pagdadagdag ng pag-intindi sa sarili at pansarilingkumpiyansa, pagsisiyasat sa mga tutularan sa buhay, at pagkakaroon ng mas mabuting pang-unawa kung paano ka maaaring maimpluwensiyahan ng iyong mga kapaligiran at karanasan.

Importanteng isipin ang tungkol sa kung ano ang iyong gustong mapakinabangan mula sa sikoterapiya. Maglaan ng panahon bago ang bawat sesyon upang mag-isip tungkol sa kung ano ang gusto mong makamtan sa panahon ng pulong. Habang isinusulong ang sikoterapiya, maaaring magtatag ng mga bagong hangarin. Ang prosesong ito ay para sa iyo, kaya aktibong pagpasiyahan kung paano gagamitin ang oras. Habang ang mga isyu o pakiramdam (maging positibo o negatibo) ay dumarating sa panahon ng sesyon, maaaring gugustuhin mong ibahagi ang mga ito sa iyong sikologo. Ang basehan ng lahat na mabuting sikoterapiya ay pagtitawala. Ang iyong sikologo ay makikinig at tatalakayin ang iyong mga iniisip at nararamdaman sa iyo, upang maaari mong intindihin ang mga ito nang lubos.

## Grupong Terapiya:

Sa grupong sikoterapiya, ikaw ay maaaring makinabang sa agarang pagpuna mula sa mga miyembro ng grupo at sa grupo ng sikologo. Ang isa sa mga pinakagantimpalang aspeto ng mapabilang sa isang grupo ay ang matuto mula sa iba. Sa pamamagitan ng pag-alam kung paano ka kinikilala ng iba, maaari mong dagdagan ang iyong sariling-pang-unawa at tumutok sa aspeto ng iyong buhay na nais mong baguhin. Maaari mo

rin dagdagan ang iyong sariling-pang-unawa sa pamamagitan ng pag-eksamin ng iyong sagot sa mga nararamdaman ng iba at sa kanilang mga karanasan.



Ang panggrupong sikolohiya ay nagbibigay din sa iyo ng pagkakataon upang maranasan ang mga bagong pag-aasal, upang ipahiwatig ang iyong mga nararamdaman na maaaring may pag-aalinlangan kang ipahiwatig, upang ipakilala ang iyong sarili sa bagong mga paraan, at mag-eksperimento ng mga bagong ideya. Habang ikaw ay nakararanas ng pagtitiwala at seguridad sa grupo, maaari mong maramdaman na ikaw ay mas malayang sumubok sa mga panganib. Maaaring kakailanganin mong tiyakin kung gaano kaaktibo at gaano mo gustong maging kabahagi – ano ang iyong komportableng antas. Ang pagiging aktibo ay nangangahulugan ng pagpapahayag ng iyong mga reaksiyon sa kung ano ang sinasabi o ginagawa ng ibang tao, pagbabahagi ng iyong mga pagsasangalang-alang, pakikinig sa ibang tao, paghihingi ng pagpapaliwanag kung hindi mo naiintindihan, pagbibigay ng suporta at kaginhawahan, at paghahanap ng suporta sa iyong mismong sarili. Hindi kapani-paniwalang maaasahan kang magiging aktibo sa pagsasalita sa lahat ng bawat sesyon. Paminsan-minsan maaaring mararamdaman mong ikaw ay lalong tahimik kaysa aktibo, mas ninanais ang makinig at pag-aralan kung ano ang sinasabi ng ibang miyembro ng grupo.

## Paggamot sa Pamamagitan ng Internet o Telepono

Ang mga nagbibigay ng sikoterapiya o pagpapayo sa pamamagitan ng Internet o telepono ay dapat lisensyado ayon sa isinasaad ng batas. Ang mga kakailanganin sa paglilisensiya ay nag-iiba depende sa estado o bansa, subalit ang mga indibidwal na nagbibigay ng sikoterapiya sa mga residente ng California ay kailangang lisensyado sa California. Ang pagkakaroon ng lisensya ay para rin sa kapakanan ng isang konsumidor upang habulin ang isang indibidwal kung itoy' hindi sumunod sa maayos na pamaraan bilang isang propesyonal.

Higit na makabubuti ang maging isang maingat na konsumidor kapag isasaalang-alang ang pagpili ng sikolohikal na serbisyo sa pamamagitan

ng Internet o telepono. Siguraduhing maberipika mo na ang sikologo ay may kasalukuyan at balidong lisensya sa California, at alamin ang bayarin na hinihingi para sa kanilang serbisyo kung saan at kanino mapupunta ang bayad. Dapat mo ring masiguradong ang kahit anumang mga komunikasyon sa sikologo ay magiging kompidensiyal, at maging maalam sa mga peligro at benipisyo sa serbisyong nanggaling sa internet o sa telepono para maging handa sa terapiya na kanilang inialok.

Importanteng isaisip ang serbisyong galing sa Internet o telepono ay nagkukulang sa mga batayang komponent ng tradisyunal na sikoterapiya gaya ng magkaharapang interaksiyon sa pagitan ng sikologo at pasiyente, kaya mahalagang komponent ang lenggwahe ng katawan at ekspresiyon ng mukha sa terapiya. Para sa higit na impormasyon ukol sa serbisyong katulad nito, magtungo sa website ng Lupon ng Sikolohiya (**www.psychology.ca.gov**) at kabilang sa "Consumer Information" (Impormasyon ng Konsumidor) i-klik ang on the "Consumers" tab.

# Ano ang mga HINDI Dapat Gawin ng mga Sikologo

Habang ang karamihan ng mga sikologo ay totoong propesyonal at maka-etiko, mabuting alalahanin na — kagaya ng nangyayari sa ibang mga propesyon — ang ilan ay maaaring magbaluktot at maglabag sa mga patakaran. Kung lumabag sila sa mga patakaran, maaaring direktang magdulot ng kapahamakan ang mga sikologo sa mga pasyente. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa kung ano ang HINDI dapat gagawin ng mga sikologo (kasama ang mga katuwang pang-sikolohiya at mga rehistradong sikologo).

Ang Mga Sikologo ay hindi dapat KAILANMAN:

» Magkaroon ng anumang tipo ng seksuwal kontak sa kasalukuyang pasyente, sa isang kamag-anak o mahalagang kasama ng kasalukuyang pasyente, o sa isang dating pasyente sa loob ng dalawang taon pagkatapos ng pagwakas ng terapiya. Kabilang nito ang hindi angkop na paghawak, paghalik at seksuwal na pakikipagtalik. Ang tipo ng asal na ito ay hindi KAILANMAN angkop, at ito ay sanhi para sa sapilitang pagpapawalang-bisa ng lisensiya ng sikologo.

» Labagin ang pagkakompidensiyal ng isang pasyente. Maliban sa mga bihirang sitwasyon na dapat ipaliwanag ng iyong sikologo sa iyo, hindi dapat kailanman sabihin ng isang sikologo kaninuman kung ano ang nangyayari sa kasalukuyan ng iyong sesyon ng terapiya o ang katotohanan na ikaw ay pasyente na wala kang nakasulat na pahintulot. Ang pagkakompidensiyal ay ang batong panulok sa pagtatagumpay ng terapiya, at ito ay nagtatanim ng pagpapahalaga ng tiwala sa terapista-pasyente na relasyon.

» Magkaloob ng mga serbisyo kung saan wala silang kasanayan, karanasan at edukasyon. Bagaman ang lisensiya ng sikologo ay heneriko at inaawtorisa ang lahat na saklaw ng praktis, hindi propesyonal na kilos para sa isang sikologo na magpraktis sa labas ng kanyang partikular na larangan ng kakayahan.

» Abusuhin ang mga gamot. Hindi legal para sa isang sikologo na gumamit ng anumang kontroladong substansiya, mapanganib na mga gamot o maiinom na may alkohol sa paraan na nagpapahamak sa sikologo o iba pa o nagpapahina sa kanyang kakayahang magpraktis nang ligtas.

» Gumawa ng pandaraya o iba pang mga krimen. Hindi maaaring singilin nang sobra ng iyong sikologo ang iyong kompanya sa seguro upang isauli ang iyong nagasta para sa iyong co-payment, o sumingil para sa mga serbisyong hindi ginawa upang mabawasan ang dapat mong bayaran. Kung ang mga sikologo ay gumawa ng mga krimen na may kaugnay sa anumang paraan sa kanilang praktis, ang kanilang mga lisensiya ay sasailalim sa disiplina ng Lupon.

» Magpaanunsiyo nang mali. Ang mga sikologo ay maari lamang magpaanunsiyo na sila ay nagkakaloob ng mga serbisyong kanilang pinag-aralan, may karanasan at may kasanayan. Ang isang inanunsiyong serbisyo o bayad ay talagang dapat makukuha.

» Magbayad o tumanggap ng kompensasyon para sa pagsangguni ng mga pasyente. Isang salungatan ng interes at dahilan ng disiplina para sa mga sikologo na magbayad para sa mga pagsangguni ng mga pasyente. Ang mga pagsangguni ay dapat maging obhetibo na hindi iniisip ang personal na pakinabang at iniisip lamang ang pinakamabuting interes ng pasyente.

- Kumilos sa paraang hindi propesyonal, hindi maka-etiko o mapagpabayang paraan. Ang mga sikologo ay dapat magpraktis sa loob ng mga patakarang ipinaliwanag sa Batas ng California at ang Mga Maka-Etikong Prinsipyo ng mga Sikologo at Kodigo ng Pag-aasal ng Asosasyon ng Sikolohiya ng Amerika.

- Tulungan ang isang tao sa pagpapraktis ng sikolohiya na walang lisensiya. Palaging hindi legal para sa isang sikologo na tumulong sa paggawa ng anumang krimen, lalung-lalo na ang isang krimen na maaaring maging sanhi ng sukdulang kapinsalaan sa publiko kung ang mga indibidwal na hindi sinanay, walang lisensiya ay magpraktis ng sikolohiya. Ito ay kadalasang nangyayari kung pinahihintulutan ng isang sikologo ang isang walang lisensiyang tao na magkaloob ng mga serbisyo sa kaniyang opisina na hindi rehistrado o sinuperbisahan nang maaayos.

- Ipokus ang terapiya sa kanilang sariling problema sa halip na sa problema ng pasyente. Hindi propesyonal para sa isang sikologo na gamitin ang oras ng terapiya na iyong binabayaran upang pag-usapan ang kanyang personal na mga problema.

- Magsilbi sa maraming hindi tamang mga tungkulin na sumisira sa kanilang pagpapasiya. Ang isang hindi tamang pangmaramihang tungkulin na relasyon ay nangyayari kung ang isang terapista ay pumasok sa pangalawang relasyon sa isang kliyente (o sa isang taong malapit sa kliyente) at ang pangalawang relasyon ay nagbibigay panganib na makompromiso ang pagiging obhetibo ng terapista at/o pagsasamantala o pinsala ng kliyente. Ang mga halimbawa ng maraming katungkulan na relasyon na maaaring hindi tama ay kabilang ang pagbigay ng trabaho sa mga pasyente, pakikipagtipon sa mga pasyente, at pakikipagtipan sa magulang ng pasyente.

- » Pabayaan ang kanilang pasyente. Ang mga sikologo ay maaaring disiplinahin ng Lupon ng Sikolohiya kung pababayaan nila ang kanilang mga pasyente. Maliban sa bihirang mga pangyayari, kung ang iyong paggamot ay biglaang tinapos at kailangan mo pa rin ang paggamot, ang iyong sikologo ay kailangang magkaloob sa iyo ng mga pangalan at numero ng telepono ng mga ibang nanunungkulan na may angkop na edukasyon, kasanayan at karanasan upang matanggap kang pasyente at ipagpatuloy ang iyong paggamot.

# Ano ang Iyong mga Opsiyon Kung ang mga Serbisyong Ipinagkaloob sa Iyo ay Hindi Kasiya-siya?

## Paano Ka Magsasampa ng Reklamo?

Kung sa iyong palagay ay ang iyong sikologo ay hindi propesyonal, nilabag ang iyong mga karapatan o lumikha ng kapahamakan, maaari kang magsampa ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa Lupon ng Sikolohiya sa (866) 503-3221.

Kung gusto mong sumulat, idirekta mo ito sa: Board of Psychology, 1625 North Market Blvd., Ste. N-215, Sacramento, CA 95834. O, maaari mong bisitahin ang Web site ng Lupon sa **www.psychology.ca.gov** upang magsampa ng reklamo online laban sa isang sikologo. Para sa karagdagang impormasyon, magpadala ng e-mail sa Lupon sa bopmail@dca.ca.gov.

Ang mga kawani ng Lupon ay maaaring magsabi sa iyo kung paano magsampa ng karaingan at ikaw ay isasangguni sa mga ibang ahensiya kung kinakailangan. Ang Lupon ay may awtoridad na maghawak ng pormal na aksiyong pandisiplina laban sa lisensiya ng isang sikologo (bilang halimbawa, pagpapawalang-bisa, pagsususpinde, pagsubok, atbp) o magisyu ng sitasyon o multa. Mangyaring pansinin na ang awtoridad ng Lupon ay limitado ng isang batas ng mga limitasyon sa mga paglabag na nangyari sa loob ng tatlong taon ng pagkadiskubre ng Lupon, o sa loob ng pitong taon mula sa petsa ng akto o omisyon, kung alinman ang unang nangyari.



Ang pinakaepektibong mga reklamo ay ang mga reklamo na galing sa mismong nagbalita, at maaaring patunayan na impormasyon. Habang ang mga reklamo na hindi alam ang pinanggalingan ay rerepasuhin, maaaring imposibleng ipagpatuloy ito maliban kung ang mga ito ay naglalaman ng ebidensiyang nakadokumento ng mga paratang (kagaya ng video o mga audio tape, retrato o mga nakasulat na dokumento). Ikaw ay hihilinging magkaloob ng anumang nakadokumentong ebidensiya na maaaring mayroon ka na may kaugnayan sa reklamo.

## Magsampa ng isang Reklamo Laban sa Sikologo?

Kung ikaw ay magsampa ng reklamo laban sa isang sikologo, katuwang ng sikologo o rehistradong sikologo, sa huli ikaw ay sasabihan na ilagay ang iyong reklamo sa pasulat na pormas. Ang Lupon ay mangangailangan ng ispesipikong impormasyon kagaya ng mga pangalan, tirahan at numero ng telepono ng parehong naghabla (ikaw) at ng sikologo, gayundin ang detalyadong salaysay ng paratang na hindi propesyonal o hindi legal na kilos. Ikaw ay kakailanganing pumirma ng isang pormas sa pagpapayag na nag-aawtorisa sa Lupon upang makakuha ng mga rekord ng pasyente at makipag-usap sa sikologo tungkol sa iyong reklamo. Kung ang isang paunang pagrerepaso ng iyong karaingan ay nagpapahiwatig na ang isang paglabag ng batas ay maaaring nangyari, ang iyong reklamo ay ipapadala sa isang imbestigador. Ikaw ay maaaring kapanayamin ng imbestigador tungkol sa iyong reklamo. Sa bibihirang pagkakataon, ikaw ay maaaring tumestigo sa administratibong pagdinig kung ang Lupon ay magsasampa ng pormal na habla laban sa sikologo batay sa iyong reklamo. Mangyayari lamang ito kung ang Lupon at ang sikologo ay hindi magkasundo sa pagsasaayos ng mga termo.

Sa pinakamaraming kaso kung saan nagsampa ng pormal na habla, pinapaubaya ng sikologo ang pormal na pagdinig at pumapayag sa pagsasaayos ng mga termo.

## Paano Pinoproseso ang mga Reklamo?

Ang Lupon ay nakatatanggap ng mga reklamo na may kinalaman sa mga iba't-ibang lisensiyado, mga isyung propesyonal at mga kalagayan. Sa loob ng 10 araw matapos matanggap ang iyong reklamo, pagsasabihan ka ng tagasuri ng Lupon na ang iyong reklamo ay natanggap. Ang mga reklamo ay nirerepaso araw-araw. Ang ilang mga karaingan na may kinalaman sa mga hindi gaanong seryosong paglabag na hindi nangangailangan ng pormal na aksiyong pandisiplina ay isinasaayos sa pamamagitan ng mga magkakaibang dipandisiplinang paraan. Ang mga ito ay maaaring kabilang ang direktang pag-aayos sa pagitan ng mga partidong kasangkot, mga sitasyon at multa, mga sulat na nagbababala, o mga utos na nagpapatigil at nagpapahinto.

Kung ang isang reklamo ay nangangailangan ng pormal na imbestigasyon, ito ay isinasangguni sa angkop na Opisina ng Lupon Pang-Medikal ng Distrito para sa imbestigasyon. Ang Lupon ng Sikolohiya ay nakikipagkontrata sa Lupon Pang-Medikal ng California para sa mga serbisyong pang-imbestigasyon. Ang mga imbestigador ay sinanay na mga opisyal para sa katahimikan. Sa puntong ito, bilang naghahabla, ikaw ay pagsasabihan na ang iyong reklamo ay isinangguni para sa pormal na imbestigasyon. Kung ang iyong kaso ay sumulong papuntang imbestigasyon, maaaring may isang imbestigador na makikipanayam sa iyo. Ang sikologo ay karaniwang inaalok ng pagkakataon na sumagot sa mga paratang sa isang pakikipanayam sa imbestigador. Ang sikologo ay aabisuhan sa katangian ng reklamo, kasama ang iyong pangalan bilang naghabla. Dapat alalahanin na ang reklamo at impormasyon sa imbestigasyon ay tinuturing na kompidensiyal sa puntong ito, hindi isang bagay na pampublikong rekord. Ipinagbabawal ng batas na ikaw ay liligaligin ng isang sikologo dahil sa pagsampa ng reklamo.

Sa oras na nakumpleto ang imbestigasyon, rerepasuhin ng isang ekspertong konsultant ng kaso ang buong papeles ng imbestigasyon upang tiyakin kung ang isang paglabag ng batas ay maaaring nangyari. Kung may makita ang eksperto na isang posibleng paglabag, ang kaso ay isusumite sa Departamento ng Hustisya ng California, Opisina ng Pangkalahatang Abugado. Ang isang Kinatawan ng Pangkalahatang Abugado ay magsisilbing Ehekutibong Opisyal na abogado at rerepasuhin ang kaso upang tiyakin kung mayroon o walang sapat

na ebidensiya upang suportahan ang pagsampa ng pormal na mga paratang. Sa puntong ito, bilang naghahabla, ikaw ay pagsasabihan na ang iyong karaingan ay isinangguni sa Opisina ng Pangkalahatang Abugado para sa aksiyong pang-administratibo.

Kung ang iyong kaso ay tinanggap ng Opisina ng Pangkalahatang Abugado, ang isang dokumento na tinatawag na "Paratang" ay susulatin ng Kinatawan ng Pangkalahatang Abugado at pirmado ng Ehekutibong Opisyal ng Lupon. Ikaw, bilang naghahabla, ay makatatanggap ng kopya ng Paratang. Ang Paratang ay ang unang pampublikong dokumento sa pagproseso ng pagdidisiplina. Importanteng bigyang pansin dito na ang mga inisyal lamang ang ginamit upang kilalanin ang mga naghahabla sa mga Paratang, kaya ikaw ay hindi dapat mag-alala na ang iyong pangalan ay magiging isang bagay na pampublikong rekord.

Sa pagkakataon na ang pagdinig ay dapat gaganapin, ang isang Huwes sa Administratibong Batas ang mamumuno sa pagdinig. Pagkatapos makumpleto ang pagdinig, ang huwes ay mag-iisyu ng "Iminungkahing Desisyon" na nagsasaad ng mga natuklasan (mga katotohanan na napatunayan sa pagdinig) at mag-aalok ng rekomendasyon para sa resolusyon ng kaso (halimbawa, pagpapawalang-bisa ng lisensiya, pagsususpinde, pagsubok, pagtanggal). Ginagamit ng huwes ang Mga Patnubay Pandisiplina ng Lupon sa pagbabalangkas ng Iminungkahing Desisyon. Ang Iminungkahing Desisyon ay ipapamahagi sa mga miyembro ng Lupon ng Sikolohiya upang pagbotohan. Kung ang Lupon ay bumoto pabor sa Iminungkahing Desisyon, ito ay magiging ang Panghuling Desisyon. Kung ang Lupon ay bumoto na hindi sundan ang Iminungkahing Desisyon, ang pagkakasipi ng pagdinig ay ipamimigay sa mga miyembro ng Lupon, ang mga nakasulat na argumento ay hihingin mula sa abugado ng depensa at ang Opisina ng Pangkalahatang Abugado, at kasunod nito ang Lupon ay mag-iisyu ng sariling Panghuling Desisyon. Ang Mga Panghuling Desisyon ay mga bagay na pampublikong rekord at ang mga ito ay makukuha kapag hiniling. Ikaw, bilang naghahabla, ay padadalhan ng kopya.

Ang "patakaran sa takdang pagproseso" na ito ay maaaring abutin nang mahigit na isang taon mula sa oras na isampa ang karaingan hanggang sa panahon na ang isang panghuling desisyon ay italaga.

## Ang Hindi Lisensiyadong Praktis ba ay Dapat Iulat sa Lupon?

Kung sa iyong paniniwala na ang isang hindi lisensiyadong tao ay gumagawa ng mga aktibidad na nangangailangan ng lisensiya, dapat mong iulat ang aktibidad na kagaya nito sa Lupon. Ang Lupon ay mag-iimbestiga ng mga paratang ng pagpraparaktis na hindi lisensiyado at, kung ang sapat na ebidensiya ay makita, ay ipapadala ang impormasyon sa lokal na Opisina ng Pangkalahatang Abugado para sa pag-uusig na pang-krimen. Ang Lupon ay walang awtoridad upang mag-usig ng pang-krimen. Ang mga aksiyong kagaya nito ay dapat isagawa ng lokal ng Abugado ng Distrito.



## Ang mga Sikologo ba ay Kinakailangang Mag-Ulat ng mga Hindi Propesyonal na Kilos ng Kanilang Kasamahan?

Ang tanong na ito ay kadalasang tinatanong ng mga sikologo pagkatapos silang pagsabihan ng isang pasyente tungkol sa isang seksuwal na relasyon sa dating terapista.

Lahat ng sikoterapista na inabisuhan ng isang pasyente ng seksuwal na kaugnayan sa ibang terapista ay kinakailangan ng batas na magbigay sa pasyenteng iyan ng isang polyeto na may titulong “Ang Propesyonal na Terapiya Ay HINDI KAILANMAN Kasama ang Seks” (Professional Therapy NEVER Includes Sex). Binabalangkas ng polyetong ito na hindi legal para sa isang terapista na makipagtalik sa isang pasyente (o sa dating pasyente sa loob ng dalawang taon pagkatapos magwakas ang terapiya) at ipaliwanag ang mga opsiyong maaaring mayroon. Maaari mong kontakin ang Lupon sa telepono sa (916) 574-7720 para sa libreng kopya ng polyetong ito o maaari mong i-download ito mula sa website ng Lupon sa (**www.psychology.ca.gov**). Klikan lamang ang “Consumers” (Konsumidor) upang makuha ang balangkas ng polyeto online.

Ang mga sikologo, gayunman, ay hindi legal na kailangang mag-ulat ng maling kilos ng mga kasamahan. Ang mga karaingan na may napakasamang katangian (kagaya ng maling seksuwal na kilos) ay kinakailangan upang ang biktima ay magsagawa ng reklamo. Ang mga batas na pagkakompidensiyal ng doktor-pasyente ay ginagawang imposible para sa isang sikologo upang magsampa ng karaingan sa ngalan ng isang pasyente maliban kung ang pasyente ay nagbigay ng awtorisasyon o kung ang pasyente ay menor de edad.

## Saan Ka Pa Maaaring Pumunta Upang Talakayin ang Iyong Kalagayan?

Kung sa iyong palagay ang iyong sikologo ay hindi naging propesyonal, nilabag ang iyong mga karapatan o naging sanhi ng kapahamakan, maaring makatulong sa iyo na talakayin ang iyong kalagayan sa isa o mahigit sa mga sumusunod na indibidwal:

» Isang mapagkatitiwalaang miyembro ng pamilya o kaibigan.

» Isang doktor ng pamilya o iba pang kuwalipikadong propesyonal.

» Isang pari, ministro, rabbi o iba pang miyembro ng saserdote.

Depende sa katangian at kabigatan ng iyong karaingan, maaring nanaisin mo ang:

» Magsampa ng isang karaingan sa iyong lokal na departamento ng pulisya o abugado ng distrito.

» Komunsulta ng abugado at magsampa ng sibil na asunto.

» Magsampa ng karaingan sa komiteng pang-etiko sa mga pambansang asosasyon na pang-sikolohiya:

**California Psychological Association**
(916) 286-7979
**www.cpapsych.org**

**American Psychological Association**
750 First Street, NE
Washington, DC 20002-4242
(202) 336-5500
**www.apa.org**

## Ano ang Makukuha ng isang Konsumidor sa Website ng Lupon?

Ang Lupon ng Sikolohiya sa California ay nagpapanatili ng maraming mga mapagkukunan sa online na makatutulong sa iyo sa pagsusuri sa isang sikologo o sa pag-alam ng karagdagang impormasyon tungkol sa pang-sikolohiyang paggamot. Narito ang buod ng impormasyon ng konsumidor na makukuha sa **www.psychology.ca.gov**:

» **Impormasyon ng Konsumidor** — I-klik ang "Consumer Information" (Impormasyon ng Konsumidor)

» **Pagbeberipika ng paglilisensiya o rehistrasyon** — I-klik ang "License Verification" (Pagbeberipika ng Lisensiya)

» **Aksiyong pandisiplina laban sa mga lisensiyado/rehistrante** — I-klik ang "Consumers" (Kunsomidor) at pagkatapos ang "Disciplinary Actions" (Mga Pagdidisiplinang Aksiyon)

» **Contact information for the Board's staff** — click on "Contact Us" (Kontakin Kami)

» **Mga Pahayag sa Diyaryo** — I-klik ang "Forms/Pubs" (Mga Publikasyon) at pagkatapos ang "Press Releases" (Mga Pahayag sa Diyaryo).



- **Mga Publikasyon** — I-klik ang "Forms/Pubs" (Mga Publikasyon) at pumili mula sa listahan na kabilang ang polyeto, "Professional Therapy NEVER Includes Sex" (Ang Propesyonal na Terapiya Ay HINDI KAILANMAN Kasama Ang Seks) , ang "Disciplinary Guidelines" (Mga Patnubay sa Pagdidisiplina) at lahat ng mga nakaraang newsletter ng Lupon.
- **Impormasyon ukol sa reklamo at pormas ng reklamo para i-download o isampa online** — I-klik ang "Filing a Complaint with the Board of Psychology" (Paghain ng Reklamo sa Lupon ng Sikolohiya)
- **E-mail kontak sa Lupon** — I-klik ang "Contact Us" (Kontakin Kami) at pagkatapos ang "E-mail Us" (Padalhan Kami ng E-Mail)
- **Mga adyenda ng pulong ng Lupon at katitikan ng pulong** — Klikan ang "Board Meetings" (Mga Pulong)
- **Mga pormas upang tasahan ang serbisyong iyong natanggap mula sa Lupon** — I-klik ang "Consumers" (Kunsomidor) at pagkatapos ang "Customer Service Evaluation" (Pagtatasa sa Serbisyong Pangkonsumidor)



## Pangmabilisang Buod ng mga Mapagkukunang Pang-Sikolohiya

Beripikahin kung ang isang sikologo ay lisensiyado: Tsekin ang katayuan ng lisensiya sa pamamagitan ng pagtawag sa Yunit ng Pagbeberipika ng Lisensiya ng Lupon ng Sikolohiya sa (916) 574-7720 o sa pamamagitan ng pag-tsek sa katayuan ng lisensiya sa website ng Lupon sa (**www.psychology.ca.gov**). I-klik lamang ang "Pagbeberipika ng Lisensiya" (License Verification).

Beripikahin kung ang isang saykayatris ay lisensiyado: Tsekin ang katayuan ng lisensiya sa pamamagitan ng pagtawag sa Yunit ng Pagbeberipika ng Lisensiya ng Pang-Medikal na Lupon ng California sa (916) 263-2382 o sa pamamagitan ng pag-tsek mismo sa iyong sarili sa Website ng Lupon sa (**www.MBC.ca.gov**). I-klik lamang ang "Verify a License" (Iberipika ang Lisensiya).

Beripikahin ang katayuan ng lisensiya ng terapista sa pagpapakasal at pamilya, mga panlipunang manggagawa o sikologong pang-edukasyon: Tsekin ang katayuan ng lisensiya sa pamamagitan ng pagtawag sa Lupon ng Agham sa Kaasalan sa (916) 574-5830 o sa pamamagitan ng pag-tsek mismo sa iyong sarili sa website ng Lupon sa (**www.bbs.ca.gov**). I-klik lamang ang "License Verification" (Beripikasyon ng Mga Lisensiya).

Mga Katuwang ng Sikologo: Ang mga ito ay mga propesyonal na rehistrado ng Lupon ng Sikolohiya — (916) 574-7720 o **www.psychology.ca.gov**.

Rehistradong Sikologo: Ang mga ito ay mga propesyonal na rehistrado ng Lupon ng Sikolohiya — (916) 574-7720 o **www.psychology.ca.gov**.

Mga Teknisyan na Pang-Psychiatry: Ang mga ito ay mga propesyonal na lisensiyado ng Lupon ng mga Bokasyon sa Narsing at Teknisyan na Pang-Psychiatry — (916) 263-7800 or **www.bvnpt.ca.gov**.

## Pagpapasalamat

Ang Lupon ng Sikolohiya sa California ay nagpoprotekta sa mga konsumidor ng mga serbisyong pang-sikolohiya sa pamamagitan ng paniniguro ng mga mataas na pamantasan para sa praktis ng sikolohiya. Ang Lupon ay nagtatatag ng mga mahigpit na mga pagkamarapat sa paglilisensiya, nag-iimbestiga ng reklamo ng pasyente at umaabot upang mabigyan ng kapangyarihan ang mga konsumidor ng impormasyon at mga mapagkukunan.

Ang Lupon ng Sikolohiya ay nagpapasalamat sa lahat na gumugol ng panahon upang repasuhin ang polyeto ng konsumidor na ito habang ito ay dinedebelop. Ang iyong mahalagang ideya ay nakatulong upang masiguro na ang buklet na ito ay nagkakaloob ng mataas-na-kalidad at nakatutulong na impormasyon at patnubay sa publiko.

## Paano Makakukuha ng Mga Karagdagang Kopya

Ang mga tig-iisang kopya ng Patnubay ng Konsumidor sa Mga Serbisyong Pang-Sikolohiya ay makukuha nang walang bayad mula sa kahit ano sa mga sumusunod na mapagkukunan:

**California Board of Psychology**
1625 North Market Blvd., Ste. N-215
Sacramento, CA 95834
(916) 574-7720

**Office of Publications, Design & Editing**
California Department of Consumer Affairs
(866) 320-8652

California Board of
PSYCHOLOGY
1625 North Market Blvd, Suite N-215
Sacramento, CA 95834